Ano ang open work permit para sa mga bulnerableng manggagawa?

Ang bawat manggagawa sa Canada ay may karapatan sa isang lugar ng trabaho na ligtas at mabuti para sa kalusugan. Kung ikaw ay inaabuso o nanganganib na maabuso kaugnay ng iyong trabaho sa Canada, maaari kang maging kwalipikado para sa isang open work permit para sa mga bulnerableng manggagawa.

Ang open work permit ay nagpapahintulot sa iyong magtrabaho para sa halos kahit sinong employer sa Canada. Makakatulong ito sa iyo na lisanin ang isang mapang-abusong sitwasyon para makahanap ng panibagong trabaho. Walang bayad para mag-apply. Ang work permit na ito ay **pansamantala** ngunit magbibigay ito sa iyo ng sapat na panahon para makahanap ka ng bagong employer at makapag-apply ng bagong work permit.

Sino ang kwalipikado?

Mga pansamantalang dayuhang manggagawa sa Canada na

- may hawak ng **valid work permit na espesipiko sa isang employer o inisyuhan sa ilalim ng Seasonal Agricultural Worker Program** (o nag-apply para i-renew ang ganitong uri ng permit)
- inaabuso o nanganganib na maabuso kaugnay ng iyong trabaho sa Canada

Ang mga miyembro ng pamilya sa Canada ay maaari ring mag-apply kung ang pangunahing aplikante ay inisyuhan ng isang open work permit para sa mga bulnerableng manggagawa.

Ano ang pang-aabuso?

Ang anumang pag-uugaling nananakot, kumokontrol o nagbubukod sa iyo ay maaaring pang-aabuso. Ang pang-aabuso ay maaaring pisikal, sekswal, pinansyal, sa pag-iisip o sa anyo ng mga paghihiganti at maaaring kabilangan ng

- pisikal na kapahamakan, mga banta o pang-iinsulto
- hindi ninanais na mga sekswal na komento o panghihipo
- pagkontrol sa kung saan ka pupunta o kung sa kanino ka makikipagkita
- pagnanakaw sa iyo o pagkuha ng perang pinagtrabahuhan mo
- mga banta o pagkilos na isinagawa bilang pagtugon sa isang empleyadong nag-uulat ng mga kalagayan sa trabaho o nakikipagtulungan sa pag-iimbestiga sa employer

Paano ako mag-a-apply?

Kailangan mong mag-apply online para sa work permit na ito. Kailangan mo ng isang scanner o camera para gumawa ng mga elektronikong kopya ng iyong mga dokumento. Basahin ang mga instruksyon sa opisyal na website.

Kung hindi ka makakapag-apply online dahil sa kapansanan, o kung mayroong problema sa aming online application system, pumunta sa tanggapan ng IRCC na pinakamalapit sa iyo o makipag-ugnayan sa Client Support Centre sa 1-888-242-2100 para sa karagdagang impormasyon.

Anu-anong dokumento ang kailangan kong ibigay?

- ☐ sulat na naglalarawan ng pang-aabuso

  Maaaring kasama sa iba pang ebidensya ang
  - sulat, pahayag o ulat mula sa sumusuportang organisasyon para sa pang-aabuso o propesyonal sa larangan ng medikal
  - sinumpaang pahayag ng aplikante
  - kopya ng reklamong isinampa sa ahensyang tagapagpatupad
  - iba pang sumusuportang materyal (halimbawa, mga kopya ng mga email, litrato, testimonya ng saksi)
- ☐ kopya ng iyong pasaporte
- ☐ digital na larawan
- ☐ mga sertipiko ng kasal at kapanganakan kung nag-a-apply ka kasama ang mga miyembro ng iyong pamilya

Ano ang mangyayari pagkatapos kong mag-apply?

Nilalayon naming makipag-ugnayan sa iyo sa loob ng 5 araw na pangnegosyo pagkatapos mong mag-apply. Maaaring hilingin namin na makapanayam ka.

Kung inaprubahan ka para sa open work permit para sa mga bulnerableng manggagawa, maaaring hilingin namin sa iyong magbigay sa amin ng impormasyon upang matulungan kaming imbestigahan ang dati mong employer. **Hindi mo kailangang magbigay sa amin ng impormasyon. Ang pagpapasya ay nasa iyo.**

Cat. No. CI4-204/2024TGL-PDF 978-0-660-70402-9 IRCC 3668-07-2024